# ESP

# Day 1

pdfelement
Remove Watermark Now

# Pasalamat Tayo

Salamat po, Panginoon ko
Sa mga biyayang kaloob mo,
Sa mga pagkaing masustansiya,
Para sa aking pamilya.

Salamat po, Dakilang Diyos
Sa karunungang lubos-lubos,
Makapag-aral ay kaysaya,

pdfelement
Remove Watermark Now

**Tandaan:**

Ang bawat bata ay may karapatan bilang isang anak at mag-aaral. Karapatan mo na maranasan kung ano ang nararapat para sa iyo.

pdfelement
Remove Watermark Now

# ESP

# Day 2

pdfelement

Remove Watermark Now

Isulat ang mga titik na:

KP - kung ang larawan ay tumutukoy sa karapatan para sa pagkakaroon ng masustansiyang pagkain; o

**KA** - kung ang larawan ay tumutukoy sa karapatan para makapag-aral

pdfelement
Remove Watermark Now










Remove Watermark Now












pdfelement
Remove Watermark Now

a. Kumakain ka ba ng mga ganitong uri ng pagkain?

b. Bakit maraming bata ang kumakain ng mga ganitong uri ng pagkain?

c. Dapat ka bang kumain ng mga ganitong uri ng pagkain?

d. Bakit dapat iwasan ng mga bata ang kumain ng mga ganitong uri ng pagkain?

pdfelement
Remove Watermark Now



Remove Watermark Now

a. Sino ang may karapatang makapag-aral?

b. Bakit kinakailangang mag-aral ng isang bata?

c. Bilang mag-aaral, paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa pag-aaral?

pdfelement
Remove Watermark Now

Humanap ng kapareha. Pag-usapan kung tama o mali ang sumusunod na pangungusap. Ipaliwanag ang inyong mga sagot at ibahagi ito sa talakayan sa klase.

1. Ang lahat ng mga bata pati na ang mga may kapansanan ay may karapatang matuto at makapag-aral.

pdfelement
Remove Watermark Now

2. Kahit mahirap pakainin ng gulay ang mga bata kailangan pa rin nilang masanay na kumain nito.

3. Kahit may epekto sa kalusugan ng bata ang palaging pagkain ng mga produktong may preserbatibo, dapat ibigay ito ng magulang kung ito ang nais ng kaniyang anak.

Remove Watermark Now

4. Mainam na hikayating mag-aral ang mga batang tinatamad pumasok sa paaralan.

5. Ang mga bata ang dapat masunod sa mga pagkaing gusto nilang kainin sa lahat ng pagkakataon.

pdfelement

Remove Watermark Now

Tandaan:

Ang lahat ng bata ay may karapatang makakain ng masustansiyang pagkain at makapag-aral. Dapat na maibigay ng kanilang mga magulang ang dalawang mahalagang karapatang ito.

Remove Watermark Now

# ESP

# Day 3

pdfelement
Remove Watermark Now

May kakilala ka bang batang kasinggulang mo sa iyong barangay na hindi pumapasok sa paaralan o kaya ay alam mong hindi nakakakain nang maayos?

Isulat sa iyong kuwaderno kung ano ang maaari mong gawin para sa kanila.

pdfelement
Remove Watermark Now

Bilang isang bata na nakakakakain ng masusustansyang pgkain at nakapag-aaral, ano ang dapat mong gawin sa karapatang ibinigay na ito

pdfelement
Remove Watermark Now

Remove Watermark Now

Tandaan:
Sinisikap ng pamahalaan na matulungan ang mga magulang sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng edukasyon at mga programa ukol sa kalusugan para sa kanilang mga anak.
Pinaiiral ng ating pamahalaan ang "Programang **K to 12**" upang mapabuti ang kalidad ng pag-aaral ng mga bata. Ipinatutupad din ng ating pamahalaan ang **4P's** o "Pantawid Pamilyang Pilipino **Program**" upang makatulong sa mga batang nangangailangan. Nararapat lamang na paghusayin at galingan ng mga bata ang kanilang pag-aaral bilang tugon sa mga programang ito.

pdfelement

Dula-dulaan sa pagpapakita ng mga karapatan bilang isang bata.

pdfelement

Remove Watermark Now

# ESP

# Day 4

pdfelement

Remove Watermark Now

Paano mo pagyayamanin ang ibinigay sa iyong dalawang karapatan?

pdfelement
Remove Watermark Now

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Pumili ng isa sa mga sitwasyong ito at isalaysay sa klase ang magandang ibubunga kung ito ay iyong gagawin.

1. Mag-aaral akong mabuti upang masuklian ko ang aking mga magulang sa pagpapaaral nila sa akin.

Remove Watermark Now
pdfelement

2. Hindi ako mamimili at kakainin ko ang anumang pagkaing ibinibigay sa akin ng aking mga magulang.

3. Tutulungan ko si Nanay sa kaniyang pamamalengke at hindi ako magrereklamo kung ang bibilhin niya ay mga gulay.

pdfelement

Remove Watermark Now

4. Sasabihin ko kay nanay na tulungan ang isang batang palaboy na kupkupin ng DSWD o Department of Social Welfare and Development.

5. Seseguraduhin kong nagawa ko ang lahat ng aking takdang aralin bago ako makipaglaro o manood ng telebisyon

Remove Watermark Now
pdfelement

# ESP

# Day 5

pdfelement

Remove Watermark Now

Gumuhit ng hugis puso ♡ sa mga larawan na nagpapakita ng pagpapapahalaga sa mga karapatang makapag-aral at makakain ng masustansiyang pagkain.

pdfelement
Remove Watermark Now











Remove Watermark Now
pdfelement

Isulat sa iyong kuwaderno ang titik T kung ang pangungusap ay tama at M kung ito ay mali.

1. May magagawa ka upang mapataas ang marka mo sa pag-aaral at matuwa ang iyong mga magulang.

pdfelement
Remove Watermark Now

2. Upang makatipid ang pamilya, maaaring magtanim sa bakanteng lupa sa inyong bahay ng masusustansiyang gulay.

3. Hindi kailangang mag-aral ng mayayamang bata.

4. Dapat nating ubusin ang mga pagkaing nakalagay sa ating plato kapag tayo ay kumakain.

Remove Watermark Now
pdfelement

Isulat sa iyong kuwaderno ang titik ng tamang sagot sa sumusunod na sitwasyon:

1. May pagsusulit kayo bukas, ngunit niyaya ka ng iyong kaibigan sa isang party ng kaarawan ng kaibigan niya. Gagabihin kayo sa pag-uwi. Ano ang gagawin mo?

a. Sasama ako sa aking kaibigan at hayaang mababa ang makuha kong marka sa aming pagsusulit.

b. b. Hindi ako sasama sa party at sa halip ay mag-aaral ako upang mataas ang makuha kong marka sa aming pagsusulit.

c. c. Sasama ako sa party at mag-aaral nang kaunti pagdating sa bahay kahit gabi na.

pdfelement
Remove Watermark Now

2. Umuwi kayo sa probinsiya. Puro sariwang gulay ang inihaing ulam ng inyong lola sa oras ng kainan. Ano ang gagawin mo?

a. Hindi ako kakain ng ulam at sa halip ay magpapapabili na lamang ako ng instant noodles.

b. b. Kakainin ko ang mga inihaing ulam dahil mabuti sa katawan ang mga sariwang gulay.

c. Makikiusap ako sa aming lola na karne naman ang iluto sa susunod.

Remove Watermark Now

3. Nakita mong itinatapon ng kapatid mo sa ilalim ng mesa ang mga gulay sa ulam ninyong pinakbet. Karne lamang ang kaniyang gustong kainin. Ano ang gagawin mo?

a. Sasabihin ko sa kaniyang huwag itapon ang mga gulay at dapat niya itong kainin.

b. Sasabihin ko sa kaniya na sa plato ko na lamang ilagay ang mga gulay na itinatapon niya.

c. Isusumbong ko siya sa aming nanay upang mapagalitan

Remove Watermark Now

# Pagkakawanggawa sa mga Inaapi

pdfelement
Remove Watermark Now

# Video about VIOLENCE

https://www.youtube.com/watch?v=g5YiZtnCzYo

Remove Watermark Now
pdfelement

# PANGKATANG GAWAIN (GROUP ACTIVITY)

Remove Watermark Now
pdfelement

Magsagawa ng mga interbyu sa kinauukulan tungkol sa mga kasong pambubully at itanong sa kanila ang ginawang aksyon hinggil sa bagay na ito.

Remove Watermark Now
pdfelement

Pangkat I – sa nanunungkulan sa kanilang barangay

Pangkat II – sa Gurong Tagapamatnubay ng Paaralan

Remove Watermark Now
pdfelement

Pangkat III – sa Punungguro ng Paaralan

Pangkat IV – sa Opisyales ng PTA

pdfelement
Remove Watermark Now

Remove Watermark Now

# GROUP PRESENTATION

Pag-uulat ng bawat grupo tungkol sa kinalap nilang impormasyon.

pdfelement

# Ano ba ang KARAHASAN SA PAARALAN?



Remove Watermark Now
pdfelement

Remove Watermark Now

Ito ay anumang kilos na lumalabag sa misyon at bisyon ng edukasyon, sa paggalang sa kapwa mag-aaral o anumang kilos na humahadlang sa layunin ng paaralan na maging ligtas sa -pagdarahas ng tao, pag-aari, droga, armas o kaguluhan.

pdfelement

Remove Watermark Now

# Ano-ano nga ba ang mga karahasan na maaaring nagaganap sa paaralan?



pdfelement

Remove Watermark Now

- pambubulas o bullying
- labanan
- pag-aaway o pagsasakitan sa loob man o sa labas ng paaralan,
- pagdadala ng droga
- sexual harassment
- vandalism
- pagnanakaw
- pagdadala ng mga nakasasakit na bagay at marami pang iba.

pdfelement

A. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na sitwasyon. Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang isinasaad ay wasto at malungkot na mukha ☹ kung hindi.

______1. Pakikipag-ugnayan sa mga guro at prinsipal kapag nakakakita ng mga pambu-bully sa paaralan.

______2. Pagsusumbong sa mga opisyales ng barangay sa mga pambabastos ng mga tumatambay sa kanto kapag may dumaraang babae.

Remove Watermark Now
pdfelement

______3. Pagbabalewala sa mga nakikitang pangyayari tulad ng pambubully ng mga kalaro.

______4.Pag-iimbita sa mga maykapangyarihan tulad ng pulis para sa isang panayam tungkol sa pagsugpo sa mga karahasan tulad ng pananakit at bullying.

______5. Pagsama sa mga pilyong bata sa pananakot sa mga batang walang kakayahang maipagtanggol ang kanilang sarili.

Remove Watermark Now
pdfelement